(Tips for using insect repellents – Tagalog version)

Mga Tip sa paggamit ng pamatay-insekto

1. Pahiran ng mga pamatay-insekto na naglalaman ng DEET ang mga nakalitaw na bahagi ng katawan at damit ayon sa mga tagubilin at babala sa etiketa.

2. Iwasang gumamit ng mga pamatay-insekto na naglalaman ng DEET sa mga sanggol na wala pang 6 buwang edad. Gumamit ng mga pamamaraang kahalili upang pigilan ang mga kagat ng tagadala.

3. Kapag gagamitin ang mga pamatay-insekto na naglalaman ng DEET sa mga bata:

- Gumamit ng mas mababa ang konsentrasyon ng DEET — hanggang 10%
- Huwag pahintulutan ang mga bata na humawak ng mga pamatay-insekto o ipahid ito sa kanilang mga sarili. Dapat ilagay ng mga adulto ang mga pamatay-insekto sa kanilang mga kamay at pagkatapos ilagay sa mga bata
- Huwag ipahid sa mga kamay, sa palibot ng mga mata at bibig, o sa may hiwa o nangangating balat ng mga bata
- Huwag hayaang ang mga pamatay-insekto na mapunta sa kanilang mga mata
- Mas mainam ang mga ipinapahid sa iwiniwisik
- Iwisik ang mga pamatay-insekto sa mga lantad na lugar at huwag hayaan na masinghot ito ng mga bata
- Iligpit ang mga pamatay-insekto sa hindi maaabot ng mga bata at huwag hayaan na tikman ito ng mga bata
- Limitahan ang aplikasyon sa balat at palakasin ang aplikasyon sa damit
- Hugasan ang balat na may gamot ng tubig o paliguan sila pagkatapos na bumalik sila papasok ng bahay
- Gumamit ng sabon at tubig upang hugasan ang mga damit na may mga pamatay-insekto; at
- Payuhan ang mga inang nagpapasuso na hugasan ang mga pamatay-insekto sa kanilang mga kamay at katawan bago pasusuhin ang kanilang mga sanggol

4. Para sa rekomendasyon ng mga buntis na kababaihan na gumagamit ng pamatay-insekto na naglalaman ng DEET, pakibisita ang Family Health Service website.

5. Dapat hindi mapanganib ang paggamit ng mga pamatay-insekto na naglalaman ng DEET kung sinunod ang mga panuto sa etiketa at ligtas na ginamit ang produkto. Sa

mga bihirang kaso, maaaring magdulot ng pantal-pantal sa balat ang paggamit ng mga produktong DEET. Nakaranas ang ilang mga tao na gumagamit ng mga produkto na naglalaman ng mataas na konsentrasyon ng DEET o nakalantad sa labis na DEET ng pantal-pantal sa balat, paltos, at pangangati ng balat at mucous membrane.

6. Maliban sa DEET, ang mga pamatay-insekto na may mga ibang aktibong sangkap, hal. IR3535, Icaridin (tinatawag ding Picaridin), atbp. ay makukuha rin sa pamilihan. Kapag gumagamit ng anumang pamatay-insekto, pinapayuhan ang mga miyembro ng publiko na sundin ang mga tagubilin at babala sa etiketa.

30 Agosto 2016
30 August 2016